

# TANGGAPAN NG MGA PAMANTAYAN SA PAGGAWA NG CHICAGO

## BAYAD NA BAKASYON AT BAYAD NA PAGLIBAN DAHIL SA SAKIT

### TSART NG PAGHAHAMBING NG HURISDIKSYON

	<b>Lungsod ng Chicago</b> <i>Ordinansa sa Bayad na Bakasyon at Bayad na Pagliban dahil sa Sakit at Kaligtasan</i>	<b>Cook County</b> <i>Ordinansa sa Bayad na Bakasyon</i>	<b>Estado ng Illinois</b> <i>Batas sa Bayad na Bakasyon para sa Lahat ng Manggagawa (Paid Leave for All Workers Act, PLAWA)</i>
<b>Petsa ng Pagkabisa</b>	12/31/23*Petsa ng pagpapatupad ng 07/01/24	12/31/23*Magsisimula ang pagpapatupad sa 02/01/24	01/01/24
<b>Saan ito nalalapat?</b>	Sa mga heograpikal na hangganan ng Lungsod ng Chicago	Lahat ng munisipalidad sa loob ng Cook County, maliban sa Chicago, o mga munisipalidad na nag-opt in sa IL PLAWA o may katumbas na ordinansa.	Buong Estado ng Illinois. Ang ilang mga hurisdiksyon (ibig sabihin, Cook County, Lungsod ng Chicago) ay maaaring may sariling mga batas.
<b>Sino ang sinasaklaw? *Nalalapat ang ilang mga pagbubukod sa lahat ng tatlong batas</b>	Karamihan sa mga empleyado na gumaganap ng kanilang mga tungkulin sa trabaho sa Chicago at nagtatrabaho ng hindi bababa sa 80 oras sa loob ng anumang 120-araw na panahon (kabilang dito ang mga kasambahay, full-time at part-time na manggagawa, at manggagawang nasa malayo na nagtatrabaho sa Chicago).	Mga empleyado na nagtatrabaho para sa isang taga-empleyo sa Cook County; at/o ang taga-empleyo ay may lugar ng negosyo sa Cook County (kabilang dito ang mga Kasambahay).	Mga indibidwal na gumaganap ng trabaho sa Illinois para sa isang taga-empleyo na nagnenegosyo sa Illinois.
<b>Sa anong dahilan ko magagamit ang bakasyon?</b>	<b>Bayad na Bakasyon</b> -para sa anumang dahilan (kabilang ang bakasyon, sakit, at emergency)  <b>Bayad na Pagliban dahil sa Sakit</b> -para sa pagkakasakit, pinsala, karamdaman ng pamilya, biktima ng karahasan sa tahanan, biktima ng sekswal na pang-aabuso o trafficking, pagsasara ng negosyo para sa pampublikong emergency sa kalusugan, pangangalaga sa pamilya, atbp.	Para sa anumang dahilan (kabilang ang bakasyon, pagkakasakit, at emergency).	Para sa anumang dahilan (kabilang ang bakasyon, pagkakasakit, at emergency).

**IPAGPATULUY SA SUSUNOD NA PAHINA**





# TANGGAPAN NG MGA PAMANTAYAN SA PAGGAWA NG CHICAGO

	Lungsod ng Chicago	Cook County	Estado ng Illinois
<b>Kailan ko masisimulang gamitin ang aking bakasyon?</b>	<p><b>Bayad na Bakasyon</b>-07/01/24 o 90 araw pagkatapos magsimula ang trabaho, alinmang petsa ang mas huli.</p> <p><b>Bayad na Pagliban dahil sa Sakit</b>-07/01/24 o 30 araw pagkatapos magsimula ang trabaho, alinmang petsa ang mas huli.</p>	12/31/23 o 90 araw pagkatapos magsimula ang pagtatrabaho, alinmang petsa ang mas huli.	01/01/24 o 90 araw pagkatapos magsimula ang pagtatrabaho, alinmang petsa ang mas huli.
<b>Paano ako makakaipon ng bakasyon?</b> <b>*TANDAAN: Ang mga taga-empleyo ay maaaring mag-frontload ng bakasyon sa simula ng taon sa halip na gumamit ng accrual</b>	<b>Bayad na Bakasyon AT Bayad na Pagliban dahil sa Sakit</b> 1 oras para sa bawat 35 oras na trabaho. Maaari kang makaipon ng hanggang 40 oras/5 araw ng bawat uri ng bakasyon.	1 oras ng Bayad na Bakasyon para sa bawat 40 oras na trabaho.	1 oras ng Bayad na Bakasyon para sa bawat 40 oras na trabaho.
<b>Mayroon bang minimum na bilang ng mga oras ng Bayad na Bakasyon na dapat kong gamitin sa bawat pagkakataon?</b>	<p><b>Bayad na Bakasyon</b>-maaaring magtakda ang mga taga-empleyo ng isang minimum na pagtaas ng paggamit na hindi hihigit sa 4 na oras.</p> <p><b>Pagliban dahil sa Sakit</b>-maaaring magtakda ang mga taga-empleyo ng minimum na pagtaas ng paggamit na hindi hihigit sa 2 oras.</p>	Maaaring magtakda ang mga taga-empleyo ng minimum na pagtaas ng paggamit na hindi hihigit sa 2 oras.	Maaaring magtakda ang mga taga-empleyo ng minimum na pagtaas ng paggamit na hindi hihigit sa 2 oras.
<b>Maaari ba akong mag-carryover ng hindi nagamit na oras?</b>	<p><b>Bayad na Bakasyon</b>-Oo, maaaring mag-carryover ng hanggang 16 na oras ng hindi nagamit na Bayad na Bakasyon (maliban kung na-frontload/ibinigay sa batayang pro rata).</p> <p><b>Bayad na Bakasyon dahil sa Sakit</b>-Oo, maaaring mag-carryover ng hanggang 80 oras ng hindi nagamit na Bayad na Pagliban dahil sa Sakit.</p>	Oo. Maaaring mag-carryover ang mga empleyado ng hanggang 40 oras ng hindi nagamit na Bayad na bakasyon (maliban kung saan naka-frontload/ibinigay sa batayang pro rata).	Oo. Maaaring mag-carryover ang anumang hindi nagamit na Bayad na Bakasyon (maliban kung na-frontload/ibinigay sa batayang pro rata).  Hindi kinakailangang pahintulutan ng mga taga-empleyo ang paggamit ng higit sa 40 oras ng Bayad na Bakasyon sa loob ng 12 buwan na panahon.
<b>Mayroon ba akong Indibidwal na opsyon para humingi ng Pribadong Karapatan sa Pagkilos (Private Right of Action)?</b>	Oo. Makakabisa sa 12/31/23 para sa Bayad na Pagliban dahil sa Sakit, at 07/01/25 para sa Bayad na Bakasyon	Oo.	Hindi.
<b>Sino ang nagpapatupad ng batas?</b>	Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Paggawa ng Chicago	Komisyon sa Karapatang Pantao ng Cook County	Departamento ng Paggawa ng Illinois
<b>Panahon ng paghahain ng reklamo.</b> <b>*TANDAAN: Kung marami o patuloy na mga paglabag, sa loob ng 3 taon ng petsa ng huling pangyayari.</b>	Sa loob ng 3 taon ng sinasabing paglabag.	Sa loob ng 3 taon ng sinasabing paglabag.	Sa loob ng 3 taon ng sinasabing paglabag.

